# KWENTONG-K

*Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!*

**NOBYEMBRE 2016**


## ISANG MABUTING PINUNO, ISANG MASAYANG PAMILYA

Sa ikatlong taon ng Leadership Training ay madaming bagong kaalaman at karanasan ang naidagdag sa bawat center chief na dumalo. Ang programang ito ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) ay sadyang dinisenyo upang hubugin ang pagiging pinuno ng mga nanay, hindi lamang sa kanilang sentro na kinabibilangan kundi maging sa kanilang pamilya at komunidad.

Ito ay ginanap sa bawat ikalawa at ikaapat na biyernes ng buwan ng Hunyo hanggang Setyembre at ang huli ay noong Nobyembre 12 kung saan iba't ibang center chief mula sa tatlong *field offices* (isang cluster) ang dumalo. Ito ay isinagawa sa iba't ibang resort. Sa kabuuan ay mayroong 366 na center chiefs ang nakadalo sa leadership training.

Sa taong ito ay binigyang-diin ang pagkakaroon ng magandang relasyon sa pamilya. Ito ay pinamagatang *'Haunted House: Healing Families from their Past*', sa pangunguna ni Bro. Boggs Burbos, *Feast Builder* ng Dasmariñas at Bacoor, sa ilalim ng *Catholic Group* na *Light of Jesus Community*.

Pinagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa asawa, sa mga anak, at sa mga magulang. Sa training din na ito ay itinuro kung paano magkakaroon ng matibay na relasyon ang isang pamilya, kung paano ang tamang pagdidisiplina sa mga anak, at kung paano solusyunan ang mga problema sa pamilya.

Ang training na ito ay nagbigay ng pagkakataon sa mga center chief upang lalong maunawaan at mahalin ang kanilang pamilya. Tunay nga na ang mabuting pamumuno sa ibang tao ay nagsisimula sa mabuting pamumuno sa sariling pamilya. Sabi nga ni Leonard Krog, kabilang sa British Columbia Legislative Assembly, *'A true leader is a leader in every area of life.'*

Narito ang ilan sa mga pahayag ng mga center chief na dumalo:

*"Natutunan ko ang maraming bagay sa pag-attend sa training na ito. Lalo na sa pagpapalaki sa aking anak na nasa adolescence period. Maraming salamat po sa mga ganitong klaseng activity na ginagawa nila para sa aming mga client-beneficiary (CB)."* -Marilyn Aldave mula sa Taytay

*"Ang natutunan ko po bilang magulang ay kung paano at ano ang gagawin sa pagpapalaki ng aking mga anak at tunay po itong pagpapala sa akin dahil mai-aaply ko po ito sa mga anak ko at salamat po sa leadership training dahil dito ko po ito natutunan."* -Lorena Mange mula sa Fairview



*(Mula itaas hanggang ibabang larawan) 1. Ang mga center chief mula sa Central 1 cluster na dumalo sa training. 2. Si Bro. Boggs Burbos (gitna) habang nagtuturo sa mga center chief ng Central 2 cluster. 3. Ang mga dumalo mula sa East 3 cluster kasama sina Bro. Boggs at KDCI Chief Operating Officer Judylyn Joven (pangalawa sa kanan sa unang hilera)*

### MGA NILALAMAN


**2** — 14 years na ang Kasagana-ka!

**3** — Ano nga ba ang Kasagana-ka Synergizing Organizations?

**4-5** — Kilalanin ang tampok na mga CB mula sa Montalban at Las Piñas

**6** — Alamin ang kwento ng isang Bookkeeper mula sa North

**7** — Kasagana-ka Sportsfest: Sino ang nagwagi?

**8** — Wais Tips para happy ang ating holiday

# KDCI @14: APAT SA IKA-LABING APAT

***ni Leonard Galarde***

Noong Setyembre 30, 2016 ay ipinagdiwang ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) ang ika-labing apat na taong anibersaryo na ginanap sa Bahay ng Alumni, UP Diliman, Quezon City. Dinaluhan ito ng mga empleyado at ilang partner institutions na katuwang ng KDCI sa pagsusulong ng mga programang nakakatulong sa mga client-beneficiary (CB).

Ang tema para sa taong ito ay 'Apat sa ika-labing apat' kung saan ay ipinagdiriwang ang pagkakaroon ng apat na organisasyon sa ikalabing apat na taon ng KDCI. Ang apat na organisasyon o tinatawag na Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO) ay binubuo ng KDCI, Kasagana-ka Mutual Benefit Association, Inc. (KMBA), Kasagana-ka Employee-Employer's Provident Fund Association, Inc. (KEEPF), at Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop).

Bilang pasasalamat sa Panginoon sa mga biyayang natanggap ng organisasyon ay nagkaroon ng misa sa pangunguna ni Rev. Fr. Henry Ferreras, *Parish Priest* ng Parish of the Holy Sacrifice, UP Diliman, Quezon City.

Ang programa ay pinangunahan nina Mary Jane Buntalidad, Senior Bookkeeper ng East 1 cluster at Edmar Sarmiento, Cluster Manager ng North 2, bilang mga host. Ang panimulang pananalita ay nagmula kay Mr. Fernando Aldaba, ang *Chief Executive Officer* ng KDCI, kung saan ay kaniyang ipinahayag ang lubos na pasasalamat sa lahat ng mga nakatuwang at nagpunyagi upang ang KDCI ay makaabot sa ika-labing apat na taon.

Iginawad din ang parangal para sa mga nagwagi sa nakaraang KALARO 2016, ang Sports Fest ng mga empleyado ng KDCI.

Tampok sa isang *video presentation* ang paglaki ng pamilya ng KDCI at ang ilan sa mga matitingkad na karanasan ng organisayon. Kasunod nito ay ang *video greetings* ng mga CB mula sa kanilang mga sentro na nagbigay katuwaan sa mga nakapanood. Nagkaroon din ng raffle para sa mga empleyado mula sa ilang mga sponsor.

Iginawad din ang *Loyalty Award* na isa sa mga inaabangan tuwing anibersaryo. Labing-isang empleyado ang tumanggap ng *Loyalty Award* para sa *5 years in service* at siyam na empleyado naman ang nakatanggap ng *Loyalty Award* para sa *10 years in service*.

Bilang bahagi ng programa ay kinilala din ang Natatanging Socioeconomic Officer (SO) at Natatanging Bookkeeper (BK). Sa sampung nominado bilang Natatanging SO, ang nagkamit ng karangalan ay si Ruby Ann Ventinilla, mula sa Montalban Field Office. Ang kinilala naman bilang Natatanging BK mula sa limang nominado ay si Christine Joy Torralba, mula din sa Montalban Field Office.

Nagpamalas din ng husay sina Raymond Aguilar, SO mula sa Pasig Field Office at Marjurie Jamisola, SO mula sa Bocaue Field Office sa kanilang mga tanging bilang.

Nagtapos ang programa sa pangwakas na pananalita mula kay Ms. Me-An Ignacio, ang *General Manager* ng K-Coop, dala ang masayang pagbati at lubos na pasasalamat sa lahat ng naging bahagi sa Ikalabing-apat na taong pagtulong ng KDCI sa maraming client-beneficiaries.

Maligayang Ikalabing-apat na taong anibersaryo, Kasagana-ka!



*Ang kinilala bilang Natatanging SO sa taong ito na si Ruby Ann Ventinilla (gitna) kasama sina (mula kaliwa hanggang kanan) K-Coop Operations Manager Dexter Flores, K-Coop Chairman of the Board Garth Noel Tolentino, KDCI Chief Operating Officer Judylyn Joven, at K-Coop Junior Area Manager Generoso Quinto.*



*Ang kinilala bilang Natatanging BK na si Christine Joy Torralba (pangatlo mula sa kaliwa) kasama ang ibang mga nominado at sina Chief Finance Officer Catherine Saballegue (una mula sa kaliwa), Senior Finance Officer Lala Dacallos (pangalawa mula sa kaliwa), at KDCI CEO Fernando Aldaba (panghuli sa kanan)*




*Ang mga empleyadong tumanggap ng Loyalty Award para sa 10 years in service kasama sina K-Coop General Manager Me-An Ignacio (una mula sa kaliwa), at KDCI Board of Trustees Wenifreda Rodriguez at Leticia Rodriguez (pangalawa at pangatlo mula sa kaliwa)*

# ANG SYNERGY NG PAGTULONG

***ni Armeena Celine Pascual-Ramos***

Ang Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO) ay ang katawagang tumutukoy sa mga organisasyong bumubuo sa pamilya ng Kasagana-ka. Sa kasalukuyan, mayroong apat na organisasyong kabilang dito: ang Kasagana-ka Development Center, Inc. (NGO), Kasagana-ka Mutual Benefit Association Inc. (Microinsurance), Kasagana-ka Employee-Employer's Provident Fund Association, Inc. (Employee's Provident Fund), at Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop). Ang bawat organisasyong ito ay mayroong ginagampanan upang maisulong ang layunin ng pagtulong sa mga komunidad na pinaglilingkuran. Ang salitang "synergy" ay ginamit hindi lamang upang tukuyin ang kabuuan ng mga nagtutulungang organisasyon, kundi lalo ay upang ilarawan ang relasyon at ang uri ng ugnayan ng mga nasabing organisasyon sa isa't isa.




Subalit ano nga ba ang ibig sabihin ng synergy at bakit ito kinakailangan sa ugnayan ng mga organisasyon? Ano ang papel nito sa pagkakamit ng mga layunin sa pagtulong? Ang synergy ay nagmula sa salitang Greek na *"synergos"* na nangangahulugang "sama-samang paggawa o pagtutulungan." Sa kasaysayan, ang salitang ito ay unang ginamit noong ika-19 na siglo sa larangan ng *Physiology*- ang siyensya sa pag-aaral sa katawan ng tao. Ginamit ang synergy upang ilarawan kung paanong ang bawat parte ng katawan ng tao ay kumikilos at gumagawa upang panatilihing buhay at malusog ang katawan; gayundin ang interaksyon ng mga parte ng katawan sa panahon ng karamdaman. Halimbawa, ang synergy sa pagitan ng mga bahagi ng katawan ay nakikita sa pamamagitan ng kung paanong ang simpleng pagkain ay nagiging enerhiya at nutrisyon upang panatilihing malusog at buhay ang katawan. Nang lumaon, ginamit na rin ang salitang synergy sa larangan ng *Chemistry* at *Physics* upang ilarawan din ang relasyon ng mga bagay at pwersa sa paligid at kalikasan. Halimbawa ay ang interaksyon sa pagitan ng molekyul ng *hydrogen* at ng *oxygen*, kung saan sa pamamagitan ng pagsasamang ito, sila ay nakabubuo ng tubig. Dito ay makikita na ang konsepto ng synergy ay hindi na kakaiba at madali lamang maunawaan sapagkat ito ay nararanasan at nakikita sa ating paligid sa proseso ng buhay sa araw-araw.

Sa modernong panahon, ang synergy ay ginamit na rin sa paglalarawan ng ugnayan at relasyon ng mga tao, mga grupo at organisasyon. Sa mga isinagawang pag-aaral sa prinsipyo ng organisasyon, ipinakikita na ang pakikipagtulungan sa iba ay nagdudulot ng kamangha-manghang resulta. Sinasabing ang pinagsamang pagsisikap *(combined effort)* ng magkakaibang yunit ay nagdudulot ng mas mainam na resulta at nagbibigay ng mataas na halaga (*value)* sa nasabing resulta kung ikukumpara sa pinakamahusay nilang paggawa ng magkakahiwalay o indibidwal na pagsisikap.

Kung ating ilalapat ang mga prinsipyo ng synergy sa mga organisasyong bumubuo sa KSO, dito ay mauunawaan natin na ang gawaing pagtulong ay nalulubos sa pamamagitan ng pagtutulungan sa pagitan ng mga organisasyon. Sa paanong paraan? Ang layunin ng bawat KSO ay ang makatulong at mapaunlad ang buhay ng mga komunidad na ating pinaglilingkuran. Subalit ang pag-unlad ng pamumuhay ay hindi makakamit sa pamamagitan lamang ng puhunang ipinahihiram ng K-Coop. Sapagkat upang makamit ang pag-unlad, kailangan ding mapaunlad ang iba pang mahalagang aspeto ng pamumuhay kagaya ng pag-iingat sa kalusugan, kasiguruhan sa pabahay, paglilinang sa mga kasanayan, kasiguraduhan sa panahon ng mga hindi inaasahang kaganapan, at iba pa. Na ang mga aspetong ito ay maipagkakaloob sa kanila sa pamamagitan at sa tulong ng iba pang organisasyon sa KSO kagaya ng KDCI at KMBA.

Dito ay makikita na ang magkakasamang pagsisikap ng bawat organisasyong bumubuo sa KSO ay nagbibigay ng mas mainam na resulta sa buhay ng ating mga pinaglilingkuran. Gayundin, ay nagkakaroon ng mas mataas na halaga ang gawaing pagtulong ng bawat isa.

Kung paanong ang *digestive system* ng ating katawan at hindi makakayang tustusan ang buhay sa kanyang sarili lamang, at kung paanong ang *hydrogen* o ang *oxygen* ay hindi makagagawa ng tubig kung ito ay nag-iisa, ganoon din ang mithiing mapaunlad ang pamumuhay ng mga komunidad ay hindi magagawa ng iisang organisasyon. Sapagkat sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng bawat organisasyon nagiging lubos at kumpleto ang ating ginagawang pagtulong.

Ano ang mahalagang bagay na dapat nating mapagtanto tungkol sa synergy? Mahalagang maunawaan na ang synergy ang susi sa ating pagtatagumpay, hindi lamang sa mga indibwal na organisasyon, kundi lalo sa pagsusulong ng layunin sa pagtulong. Ang relasyon sa pagitan ng bawat organisasyon sa KSO ay nangangailangan ng malapot at pangmatagalang pakikipagtulungan. Kung kaya, masasabing ang kabiguan at ang pagkawasak ng isang bahagi ng KSO ay mayroong direktang epekto sa pangkalahatan, kagaya nang ang tagumpay ng bawat isa ay magiging karagdagan sa bawat bahagi. Dahil dito marapat lamang na ang malasakit na ibinibigay natin sa ating sariling organisasyon, ay kaparehong malasakit na dapat din nating maibigay sa ibang KSO. Ang sinop at pangangalaga na ating ginagawa sa sariling organisasyon ay dapat din nating maipamalas sa mga kapatid na organisasyon. Dapat nating laging isaisip na sa pamamagitan ng maayos na ugnayan at pagtutulungan ng mga KSO ay makakamit natin ang minimithing tagumpay hindi lamang ng ating mga sari-sariling organisasyon, kundi lalo ang tagumpay sa gawaing pagtulong.

# TUNAY NA YAMAN

***ni Angelyn Jolo***

*"Hindi baleng hindi yumaman, basta maraming natutulungan."* Iyan ang prinsipyo sa negosyo ng mag-asawang Lea at Daniel Mancera. Sa loob ng labing-anim na taon ay ito ang pinaghahawakan nila kaya hanggang ngayon ay nagpapatuloy at lumalago ang kanilang kabuhayan.

Taong 2000 nang simulan nila ang paggawa ng mga *wire at metal products*. Ito ang kanilang naging panimulang negosyo hanggang sa noong 2002 ay may isang kliyente na nagpakita sa kanila ng sample ng handicraft at ito ay kanilang pinag-aralan. Malaking tulong din ang natapos na kurso ni Kuya Daniel na *Fine Arts* upang magkaroon sila ng mga magagandang disenyo. Noon ding taon na iyon ay gumawa sila ng mga sample na *handicrafts* at dinala nila ito sa isang *Trade Fair* sa *World Trade Center*. Sa kabutihang palad ay napili ang kanilang mga ginawa at nagkaroon sila ng mga bagong kliyente.

Ngunit noong 2004 ay nagkaroon ng matinding krisis ang mga kliyente nilang exporter. Ito ang naging daan upang mabawasan ang bilang ng kanilang mga kliyente at kalaunan ay natigil ang paggawa nila ng mga *handicraft*. Ang nagpatuloy na lamang ay ang kanilang *wire at metal products* sa loob ng anim na taon. Taong 2010 nang nagkaroon muli ng mga exporter kung kaya sinimulan muli ang paggawa ng *handicraft*.

Sa kasalukuyan, mayroon silang siyam na *in-house employees*. Karamihan ng kanilang mga manggagawa ay nasa iba't ibang lugar, kagaya ng Muntinlupa (Bilibid), Laguna, at Quezon Province. Kapag mayroong nagnanais na matutong gumawa ng handicraft, nagpapadala sila ng mga taong magtuturo sa mga gusto at kalaunan ay dito na rin sila nagpapagawa.



*Ilan sa mga produktong ginagawa nila Ate Lea Mancera. Karamihan sa mga produktong ito ay sila mismo ang nag-disenyo.*



*Si Ate Lea Mancera (gitna) at Kuya Daniel Mancera (violet polo shirt) kasama ang ilan nilang mga manggagawa at ilang finished products at materyales.*

Isang malaking bagay para sa kanilang mag-asawa ang makapagbigay ng kabuhayan sa maraming tao lalo na ang mga nasa Bilibid. Kahit ang mga naroon ay mga bilanggo, sila ay nakapagbibigay pa rin ng suportang pinansiyal sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng paggawa ng *handicrafts*. Ang maibahagi ang mga biyaya at makatulong sa iba ang kanilang itinuturing na tanging yaman.

Isa din sa pinanghahawakan ng mag-asawa sa kanilang negosyo ay ang pagtupad sa napagkasunduang petsa ng delivery. Para sa kanila, mahalaga na hindi masira sa kanilang mga kliyente. *"Huwag mag-commit sa bagay na hindi mo kayang tapusin",* wika nga ni Kuya Daniel. Tinitiyak nila sa kanilang mga kliyente na maibibigay nila ang mga produkto ng may maayos na kalidad at sa tamang oras. May pagkakataon na mas maaga pa nilang naibibigay ang mga produkto sa napagkasunduang petsa.

Sila din ang *quality control* ng mga produkto. Sa panahong naide-liver na nila ang mga ito at mayroong ilan na nais ipaayos ang kliyente, nagpapadala agad sila ng mga tao upang sa oras na iyon ay maisaayos ito.

*Hands-on* din silang mag-asawa sa pamamahala ng negosyo. Si Ate Lea ang nagre-record ng mga pumapasok at lumalabas na pera. Siya din ang tagalista ng order at mga *delivery*. Si Kuya Daniel naman ang gumagawa ng *costing* ng bawat isang produkto at ito ang nakikipag-usap sa mga kliyente. Dahil sa pag-unlad ng kanilang kabuhayan ay nakapag-pundar na sila ng bahay at lupa at napag-aaral ang kanilang mga anak.

Sa hinaharap, pangarap ng mag-asawa na sila ay makapag-export ng kanilang mga produkto. Isang pangarap na hindi lamang para sa kanila kundi para na din sa maraming tao na kanilang natutulungan.

***

*Si Ate Lea Mancera ay client-beneficiary mula sa Las Piñas Field Office mula pa noong October 2013. Siya ay nasa 8th loan cycle na at may kasalukuyang loan na Php 23,000. Isa si Ate Lea sa mga naging finalist ng KDCI sa Citi-Microentrepreneur of the Year Award, isang patimpalak na nilalahukan ng mga miyembro mula sa iba't ibang microfinance institutions.*

# KATUWANG SA PAG-UNLAD

***ni Billyjo Castronuevo***

Nais kong ipakilala sa inyo si Ate Elvie Hermo, 38 taong gulang, mayroon siyang limang anak at nakatira sa Montalban, Rizal. Si Ate Elvie ay tubong Iloilo at lumipat lamang sa Montalban, Rizal noong siya ay *first year high school* at dito na tuluyang nanirahan. Sa pananatili niya rito ay nakilala niya ang kaniyang minamahal na asawa na si Kuya Ramon Hermo.

Si Ate Elvie ay dating kasali sa ibang *microfinance*. Nakilala niya lamang ang KDCI sa pamamagitan ng karatig sentro, subalit hindi naging maganda ang umpisa ng pagkakilala niya sa KDCI sa kadahilanang may mga nakarating sa kaniya noon na marami sa client-beneficiaries (CB) ang nawawalan ng kanilang *savings* o kung hindi man nawawala ay nababawasan.

Ngunit kahit ganoon ay nakumbinsi pa din siya na sumali at subukan ang KDCI. Taong 2007, nang siya ay naging CB ng sentro na hinahawakan ni Ate Manalon at magpasyang huminto sa *microfinance* kung saan siya kabilang bago ang KDCI. Isa sa dahilan ng pag-alis niya dito ay ang pagkakaroon ng problema sa kaniyang *co-maker* na hindi na nagampanan ang obligasyon nito sa paghuhulog, kung kaya siya na ang umako. Kung iisipin natin, normal at natural na lamang ito sa mga *microfinance* dahil ito ay kasama sa kasunduan na pagiging *guarantor*. Ito lamang ang ginawa niyang dahilan upang umalis ngunit sa katotohanan ay mas nagustuhan niya ang KDCI.

Sa simula ay isa lamang siyang dealer ng mga *softdrinks* noon at may maliit na sari-sari store. Ang kaniya namang asawa ay nagtatrabaho bilang *driver* ng *truck*. Kagaya ng ibang CB, siya ay nag-umpisa sa maliit na loan ngunit sa kalaunan ay siya na ang humawak ng sentro nang umalis sa posisyon si Ate Manalon.

Nagdaan ang ilang taon at unti-unting napalago ni Ate Elvie ang kaniyang negosyo. Noong June 15, 2014 ay nagkaroon sila ng sariling *trucking* na magpahanggang sa ngayon ay tumatakbo ng maayos bilang kanilang negosyo. Katuwang niya dito ang kaniyang asawa.

Hindi naging madali para kay Ate Elvie ang kaniyang naging karanasan sapagkat mayroon pa ding mga problema at pagsubok na dumating sa kaniyang buhay na lakas-loob niyang hinarap. Isa na dito ang naging problema niya sa kaniyang pamilya, bagay na nagpaguho sa mundo ni Ate Elvie. Ito ay nagsimula ng malaman niya na nagkaroon ng ibang karelasyon ang kaniyang asawa. Ito ay nagkaroon ng malaking epekto sa kanilang pamilya. Nang mga panahon na iyon ay halos napabayaan niya ang kaniyang sarili at para bang gusto niya ng bumigay at sumuko. Kasabay din ng pangyayaring iyon ay ang paghinto sa pag-aaral ng kaniyang anak. Dagdag pa na ang kaniyang mga obligasyon ay halos napabayaan niya na.

Ngunit sa kabila ng lahat ng ito ay hindi pa rin siya tuluyang sumuko at bumitaw sa Panginoon. Sabi nga, walang pinahintulutan ang Diyos na pagsubok na hindi natin kayang lampasan. Pinahintulutan Niya ito upang tayo ay tumibay at tumatag. Hindi nga nagtagal ay sinagot na ng Diyos ang kaniyang panalangin at ang lahat ay naibalik sa kaniya.

Nagkaroon din siya ng problema sa sentro ngunit ayon sa kanya ay hindi naman ito naging mahirap sapagkat napag-uusapan naman ng bawat miyembro ang problema at nagagawan naman ng solusyon.

Nagustuhan niya ang kaniyang pananatili sa Kasagana-ka sapagkat ayon sa kaniya maraming benepisyo para sa mga CB at halos lahat ay naibigay na. *Complete package*, ika nga. Tulad ng K-Negosyo, K-Edukasyon, K-Bahay, K-Kalusugan, K-Benepisyo, at ngayon ay K-Sangkapan.

Para sa kaniya, malaki ang naitulong at naging parte ng Kasagana-ka sa kaniyang buhay lalo na sa kaniyang negosyo at maging sa pagpapaganda ng kanilang bahay. Ang KDCI ang naging katuwang niya sa pag-unlad. Isa sa mga naitulong sa kanya ay ang pandagdag sa pambayad ng *truck* na nabili niya at buong pagmamalaki din niya na sinambit sa akin na halos kalahati ng naibayad niya sa *truck* ay galing sa tulong ng Kasagana-ka. Sinabi pa niya na ang kanilang buong bahay ay nagawa dahil sa Kasagana-ka. Idinagdag pa niya rito ang kaniyang *Social Security System (SSS)* at *Philhealth* dahil madami ang kagaya niya na nagnenegosyo na wala ng mga ganoong benepisyo.



*Si Ate Elvie Hermo kasama ang kanyang dating SO na si Billyjo Castronuevo.*

Tinanong ko si Ate Elvie kung mayroon pa ba siyang suhestyon o rekomendasyon para sa Kasagana-ka at ayon sa kaniya ay wala pa sa ngayon dahil halos lahat naibigay na ng Kasagana-ka. Nalalaman niyang ang KDCI ay marami pang matutulungan.

Sa isinagawa kong *case study* kay Ate Elvie ay may mga bagay akong natutunan bilang kanyang SO. Tulad ng sa bawat yugto ng buhay ay hindi puro kasiyahan dahil dumarating din ang panahon ng pagsubok at hamon na di inaasahan. Subalit ito ang daan para mas mapatibay pa ang ating mga sarili. Minsan, tayo ay madadapa ngunit kailangan lang natin itong samahan ng sipag at tiyaga. Higit sa lahat ay huwag makalimot sa Panginoon.

***

*Si Ate Elvie Hermo ay CB mula sa Montalban Field Office mula pa noong Abril 2007. Siya ay nasa 29$^{th}$ loan cycle at may loan amount na Php 300,000.*

*Ang lathalaing ito ay mula sa case study ni SO Billyjo Castronuevo noong siya ay SO Probationary pa lamang sa Montalban Field Office. Ang mga empleyadong nasa probationary status ay required na magsulat ng case study. Sa kasalukuyan siya ay regular na SO at naka-assign sa Rodriquez Housing Site Field Office.*

# ANG AKING PANGALAWANG PAMILYA

***ni Tricia Joy Palanca***

Pebrero 18, 2016 nang ako ay ma-hire bilang Bookkeeper (BK) ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI). Sa loob ng tatlong buwan ay napakarami kong natutunan. Hindi lamang sa pagiging BK, kundi sa pamumuhay din. Dito nakakilala ako ng mga simpleng tao. Mga kasama sa trabaho na malayo sa na-imagine ko noong ako ay nag-aaral pa sa kolehiyo, katrabaho na hindi nakamake-up, hindi naka-magarbong damit, hindi *english speaking*, walang magagarang alahas, at walang matatapang na pabango. Ngunit kahit ganoon, hindi naman matutumbasan ang mga bagay na naituro nila sa akin. Sa kanila ako natutong humawak ng walis, dust pan at mop, maging ang paghuhugas ng pinggan at pagsasaing na hindi ko natutunan sa bahay at hindi ko na sana matututunan pa kung hindi ako nakapasok sa KDCI.


Sa trabahong ito, ang mga kliyente ko walang milyun-milyong halaga, ni walang naglalakihang negosyo, ngunit may malaking hangarin naman na makaahon sa kahirapan at makatulong sa pamilya. Noong minsang sumama ako sa *center meeting* ay sobrang namangha ako sa nakita ko. Hindi mayayaman ang mga client-beneficiary (CB), pero nagsumikap talaga silang makabayad ng *loan* nila at makapag-impok. Nakita ko sa kanila ang saya, dahil sa bawat *center meeting*, para lang silang nagba-bonding na magkaka-ibigan. Nakakatuwa dahil kahit wala silang materyal na yaman, sila ang dahilan kung bakit may KDCI at kung bakit ako nakakatulong ngayon sa panggastos ng pamilya ko.

Si Ate Jhudith Gajero ang nag-*train* sa akin. Pareho kaming graduate ng *PUP-Department of Banking and Finance* kaya madali kaming nagkasundo. Dahil sa *first job* ko ito, wala talaga akong *background* sa kung ano ang dapat kong gawin. Buti na lang, mahaba ang pasensya niya sa pagtuturo, kahit madalas ay paulit-ulit na lang ang mga tanong at mga pagkakamali ko. Palagi niyang sinasabi sa akin na okay lang magkamali, ngunit sa bawat pagkakamali na iyon, dapat akong matuto at magtanda. Nakakatuwa rin dahil siya pa mismo ang gumagawa ng *notes* at *'things to remember ko'*. Kahit nalipat na siya sa ibang *cluster office*, madalas ay kinakamusta niya pa rin ako kung nagagawa ko ba nang maayos ang trabaho ko at pinapaalalahanan na huwag akong mahihiyang magtanong sa mga kasamahan ko. Inalalayan niya talaga ako hanggang sa maging *independent* na ako sa pagtatrabaho.

Hindi sa lahat ng oras ay dapat mong matutunan ang isang bagay sa isang mabilis at simpleng paraan, ito ang natutunan ko kay Ate Criscel Busuego. Hindi bale ng napakatagal kong gawin ang isang trabaho basta't magamay at makabisado ko ang pasikut-sikot nito at ako mismo ang makakadiskubre kung paano ko mapapadali at mapapabilis ang gawain ko. Nadagdagan ang pasensiya at pagiging kalmado ko kahit hirap na hirap na akong hanapin kung saan ba ako hindi nagbalanse sa aking *bank reconciliation*. Hanggang sa umabot na ako sa puntong ito na kahit papaano ay natuto na akong dumiskarte para mapasimple ang gawain ko.

Noong unang beses kong maranasan ang *closing* ng *monthly database* mag-isa, hirap na hirap ako dahil hindi ko mabalanse ang *Bank Reconciliation at Collection File* ko. Tinulungan na ako ni Ate Criscel at naituro niya sa akin iyong mga mali sa ginawa ko. Sabi ni Kuya Joseph Lopez sa'kin, "Anak, marami ka raw mali ah. Sa susunod dapat *perfect* na ha." Natuwa ako dahil kahit ganoon ang komento niya, hindi siya *nakakadiscourage.* Bagkus, lumakas ang loob ko na lalo pang pagbutihin ang trabaho ko. Naisip kong hindi dahilan ang pagiging bago sa trabaho para madalas na magkamali. Dahil kahit *trainee* pa lang ako, pwede naman akong magtrabaho na para na akong isang regular na BK. Palagi kong pinagsusumikapan na ibigay ang aking pinakamahusay dahil ayaw kong mapunta sa wala ang mga tinuro sa akin, mapahiya ang mga nagturo sa akin, at masayang ang ibinabayad sa akin.

Isang nagustuhan ko sa KDCI ay ang turingan ng mga empleyado, parang isang pamilya lang tayo. Wala pa akong alam na ibang *workplace* kung saan 'ate' at 'kuya' lang ang tawagan. Para lang tayong pantay-pantay. Oo, mayroong may mas mataas ang posisyon,



***Pangalawang pamilya.*** *Iyan ang turing ni Bookkeeper Tricia Joy Palanca sa kaniyang mga kasamahan sa KDCI.*

ngunit hindi ako nakakaramdam ng pagka-*intimidate*. Sinusunod ko ang mga senior ko hindi dahil sa takot akong mapagalitan o mawalan ng trabaho, kundi dahil pinakita nila sa akin na dapat ko silang sundin at irespeto. Palagi ko ngang ikinukwento sa aking pamilya at kasamahan sa simbahan na parang wala lang din ako sa office dahil sa sobrang babait ng mga kasamahan ko. Taliwas sa mga ikinukwento ng mga kaibigan ko na mga *terror* nilang boss at kanilang mga tsismosang kasamahan sa trabaho na may *crab mentality*.

Sobrang hindi ko pinagsisisihan na naging unang trabaho ko ang pagiging BK sa KDCI. Minsan sumasagi sa isip ko na kung sa ibang kumpanya ba ako napasok, ganito rin kaya ako kasaya? Ganito rin kaya ang *fulfillment* na mapagsilbihan ko ang mga CB? Ganito rin kaya ka-kalog at ka-*approachable* ang mga *officemate* ko? Ganito rin kaya ka-willing ang mga kasamahan ko na tulungan ako kapag hindi ko magawa ng maayos ang gawain ko? Marahil ay hindi. Kaya laking pasasalamat ko sa Diyos dahil dinala Niya ako sa KDCI na humubog at huhubog pa sa akin.

***

*Ito ay reflection paper ni Tricia Joy Palanca noong siya ay Bookkeeper (BK)-Trainee. Ang mga empleyadong nasa trainee status ay required na magsulat ng reflection paper. Sa ngayon siya ay isa ng regular na BK at naka-assign sa North 2 cluster office (Meycauayan Field Office).*

# KALARO 2016: SIMULAN NA ANG LABAN

***ni Paul John Malong***

Iba't ibang reaksyon ang naghari sa mukha ng lahat ng nakilahok sa nagdaang KALARO 2016. Ito ay ang *Sportsfest* para sa lahat ng mga empleyado ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI). Sa aktibidad na ito ay maipamalas ng mga empleyado ang kanilang mga husay at galing sa iba't ibang laro tulad ng *Basketball* at *Volleyball*. Isa din itong pagkakataon upang mabuo ang samahan at pagkakaisa ng mga empleyado na nagmula pa sa mga malalayo at iba't ibang *field office*.

Ito ay ginanap noong Setyembre 23 at 24, 2016 sa Dahlia Covered Court, Fairview, Quezon City. Apat na team ang naglaban-laban sa karangalang maging kampeon; Royal Blue, Maroon, Golden Yellow, at Purple.

Ang bawat laro ay may katumbas na puntos batay sa *ranking* ng *team*. Ang 4th place ay 25 points, sa 3rd place ay 50 points, sa 2nd place ay 75 points at sa 1st place ay 100 points. Ang team na nagtala ng pinakamataas na puntos ang siyang tatanghaling kampeon.

Ang programa ay sinimulan sa pamamagitan ng *Zumba* upang ma-*exercise* ang mga katawan hindi lang ang mga manlalaro kundi lahat ng empleyado.

Sinundan ito ng *relay*, kung saan ang mga manlalaro ay kailangang malagpasan ang mga pagsubok mula sa limang istasyon. Ang Maroon Team ang itinanghal na kampeon para sa larong ito.

Sa *Women's Volleyball* ay nagpakitang gilas ang mga manlalaro ng bawat koponan. Bagamat matindi ang naging laban ay nakuha ng Maroon Team ang panalo laban sa Yellow Team. Itinanghal na *Most Valuable Player (MVP)* para sa larong ito si Katherine Joy Ramos, *Payroll Officer* mula sa Head Office.

Hindi din nagpahuli sa husay at galing ang mga manlalaro ng *Men's Basketball*. Bawat koponan ay mayroong inihandang panlaban para sa larong ito. Ang tinanghal na *champion* para sa *basketball* ay ang Purple Team laban sa Yellow Team. Ang kinilala bilang *MVP* ay si Aries Iglesias, *Operations Assistant* mula sa Montalban Field Office.

Sa huli, ang itinanghal na *over-all champion* para sa KALARO 2016 ay ang Purple Team.



***For the win.*** *(Mula itaas hanggang ibaba) Ang Maroon Team, Royal Blue Team, Purple Team, at Golden Yellow Team. Lahat ay nag-aasam na tanghaling kampeon para sa KALARO 2016.*

# PAANO BA MAGING MAS PRODUKTIBO SA TRABAHO?

**1. Magtakda ng schedule para sa iyong sarili.**
I-schedule ang iyong mga gawain ayon sa kung ano ang pinaka-priority mo. Alin ba sa mga task na ito ang nangangailangan ng agarang atensyon? Ilang oras ang gugugulin mo para matapos ito? Ang paglalagay ng *schedule* sa bawat task ay makakatulong upang ikaw ay makapag-*concentrate* sa isang gawain.

**2. Magkaroon ng break.**
Ikaw ay magiging mas produktibo kung iiwan mo muna saglit ang iyong ginagawa. Maaari kang maglakad-lakad upang kumuha ng malamig na tubig, o magkaroon ng medyo mahabang *coffee break* para iunat ang iyong paa at mag-isip ng kahit anong bagay kahit saglit. Pagbalik mo sa iyong ginagawa, sariwa na ito sa iyong paningin at mas mapagtutuunan mo ito ng pansin.

**3. Huwag mag-multitask**
Ayon sa isang pag-aaral, ang pagggawa ng higit pa sa isang gawain sa isang panahon ay nagbabawas ng ating *productivity*. Mag-*concentrate* sa paggawa ng isang task ng sa gayon ay mabilis mo itong matatapos at nasusunod mo pa ang iyong itinakdang schedule.

**4. Magtakda ng deadline para sa iyong sarili.**
Ang ating *productivity* ay nakadepende kung paano natin ginagamit ang ating oras ng mabuti, kaya dapat ay pamahalaan natin ito ng maayos. Ang *deadline* ay maaring magbigay sa atin ng motibasyon upang magtrabaho ng mabilis at alisin ang mga distraction.

Tandaan: *Productivity is not about just doing things, but doing things right the first time*.

*Isinalin sa tagalog mula sa www.lifeoptimizer.org/2016/09/01/boost-productivity-at-work/*

# WAIS TIPS NGAYONG HOLIDAY

***ni Angelyn Jolo***




Panahon na naman ng kapaskuhan! Ito ay itinuturing na isa sa mga paboritong holiday ng mga Pilipino. Marami nga ang nagsasabi na ang Pilipinas daw ang may pinakamahabang pagdiriwang ng Pasko. Buwan pa lang ng Setyembre ay maririnig na ang mga christmas carols sa mga tahanan at establisyemento. Naglalagay na din ng mga dekorasyon ang ilang mga tahanan ilang buwan bago pa ang pasko.

Kasama sa tradisyon nating mga Pilipino tuwing Pasko ay ang mahabang listahan ng ating mga inaanak. Madalas din tayong sumali sa mga *exchange gift* ng bawat *Christmas party* na ating dinadaluhan. Isang beses lang naman sa isang taon ang pasko kaya mainam na ma-enjoy natin ito.

Ang pagbibigay ng regalo ay kultura na nating mga Pilipino. At wala namang mali dito. Ngunit ang sobrang paggastos para dito ay maaring hindi makabuti sa atin. Baka pagdating ng Bagong Taon ay nagbabayad na tayo ng ating mga utang mula sa nakaraang *holiday*.

Kung paano natin iniingatan ang ating kalusugan mula sa pagkain ng mga hamon, *quezo de bola*, at lechon, makakabuti din kung iingatan natin ang ating bulsa mula sa labis na paggastos ngayong Pasko.

Narito ang ilang mga payo para mas maging *happy* ang ating *Holiday*:

**1. Mag-set ng Holiday budget**

Sa panahon na matanggap na natin ang ating *13$^{th}$ month pay* at *Christmas Bonus*, magdesisyon kung magkano ang ating ilalaan para sa *holiday*. Maari tayong gumamit ng mga sobre para sa bawat kategorya ng ating paggagamitan: regalo, handa sa *noche buena*, *Christmas Party*, o bakasyon. Huwag ding kaligtaan na magtabi para sa selebrasyon ng Bagong Taon.

**2. Gumastos ayon sa ating kakayanan**

Tiyakin na tayo ay naka-*stick* sa ating *budget* at gumastos ng ayon sa ating kakayanan. Huwag na huwag galawin ang ating *investments* at *emergency funds* para sa *holiday shopping*. Makakabuting isaisip ang ating mga pagsisikap at disiplina sa nakaraang mga buwan upang maka-*invest* o makaipon ng sa gayon ay hindi natin ito magastos sa loob lang ng isang buwan.

**3. Ugaliing magbayad ng cash**

Hangga't kaya ay ugaliin natin ang mamili ng regalo ng hindi ginagamit ang *credit card*. Sa ganitong paraan ay makakapamili lang tayo ng kung ano ang ating kayang bilhin. Isalba ang sarili mula sa pagbabayad ng utang pagdating ng Enero.

**4. Gumawa ng listahan**

Maaring gasgas na ang payong ito pero malaki ang naitutulong ng listahan. Isulat kung sino ang mga talagang reregaluhan at magdesisyon kung magkano ang ilalaan mong budget sa bawat tao. Kung ang iyong magagastos ay lalagpas sa iyong *over-all budget*, kailangang isipin kung ano ang iyong gagawin: babaan ang *budget* kada tao o bawasan ang bilang ng bibigyan ng regalo.

**5. Iwasan ang freebies**

Ang *sale* at *freebies* ay usong-uso ngayong kapaskuhan. Iwasang bumili ng bagay dahil lang sa *freebies*. Katulad ng lagi naming pinapaalala, wala ng libre ngayon. Sa ibang paraan ay para na din nating binayaran ang inakala natin na libre. Gaano man kalaki ang matitipid natin sa isang item, mag-*stick* pa din tayo sa kung ano lang ang *afford* natin.

Ang layunin ng mga payong ito ay hindi upang sirain ang ating *Holiday*. Sa katunayan, ang mga ito ay makakatulong upang mas maging maayos ang ating pagdiriwang. Ang tamang kaalaman sa tamang paggasta sa ganitong okasyon ay magbibigay sa atin ng *peace of mind* dahil hindi na tayo mag-aalala kung tayo ba ay *overspending* na. Mas magiging maligaya pa tayo at mas mag-eenjoy kasama ang ating mga mahal sa buhay ngayong *holiday*.

*Ito ay isinalin sa Filipino. Ang orihinal na artikulo ay ang '5 Money Management Tips this Christmas' mula sa Pesos and Sense.*


KWENTONG-K

Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!

NOBYEMBRE 2016

ISANG MABUTING PINUNO, ISANG MASAYANG PAMILYA

MGA NILALAMAN

2 14 years na ang Kasagana-ka!

3 Ano nga ba ang Kasagana-ka Synergizing Organizations?

4-5 Kilalanin ang tampok na mga CB mula sa Montalban at Las Piñas

6 Alamin ang kwento ng isang Bookkeeper mula sa North

7 Kasagana-ka Sportsfest: Sino ang nagwagi?

8 Wais Tips para happy ang ating holiday

***Contributing Writers***
Paul John Malong
Leonard Galarde
Billyjo Castronuevo
Tricia Joy Palanca

***Layout***
Angelyn Jolo

***Editor***
Armeena Celine Pascual-Ramos

Ang Kwentong-K ay ang opisyal na pahayagan ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO). Ito ay nagdodokumento ng iba't ibang kaganapan na humubog sa mga client-beneficiary, mga empleyado, at buong institusyon. Ito din ay nagbibigay ng mga napapanahong impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa nito.